Tagalog

Government of **Western Australia**
Department of **Health**
**Public and Aboriginal Health Division**

HealthyWA
healthywa.wa.gov.au

# Impormasyon sa bakuna

Basahing mabuti ang impormasyon sa ibaba bago lagdaan ang form ng pahintulot. Para matuto pa, bumisita sa **healthywa.wa.gov.au/immunisation**

| | Human Papillomavirus (HPV) | Diphtheria-tetanus-pertussis (dTpa) |
|---|---|---|
| **Ano ang sakit?** | Ang **human papillomavirus (HPV)** ay karaniwang virus na nakakaapekto sa mga tao ng lahat ng kasarian. Ang HPV ay masyadong nakakahawa at hanggang 90% ng mga tao na seksuwal na aktibo ay mahahawa ng HPV sa anumang punto sa buhay nila. Karaniwang likas na inaalis ng katawan ang impeksiyon at sa karamihan ng mga klase ng HPV, walang mga sintomas. Subalit, ang ilang mga klase ng HPV ay maaaring magdulot ng genital warts at ang ilang klase ng virus ay maaaring manatili sa katawan at sa paglipas ng maraming taon, magdulot ng mga kanser ng cervix, mga genital na lugar (vagina, vulva, penis) puwit, at bibig at lalamunan. | **Ang diphtheria** ay nakakahawa at potensiyal na banta sa buhay na bakteryal na impeksiyon na nagdudulot ng malalang kahirapan sa paghinga, pagpalya ng puso at pinsala sa nerbiyos.<br><br>Ang **tetano** ay malala, madalas nakamamatay na bakteryal na sakit na nakakaapekto sa sistemang nerbiyos. Ang mga taong may tetano ay nagdurusa sa malalang masasakit na pulikat sa kalamnan, mga kombulsiyon at lockjaw. Ang mga pulikat na ito ay maaaring makaapekto sa buong katawan, nagdudulot ng supokasyon at pagpalya ng puso. Kahit na may modernong intensive care, kasing dami ng isa sa 50 tao na nagkakatetano ay mamamatay.<br><br>**Ang pertussis**, o tuspirina, ay masyadong nakakahawang respiratoryong sakit na maaaring banta sa buhay sa mga sanggol. Mga isa sa 125 sanggol na wala pang 6 na buwan na magkakaroon ng tuspirina ay mamamatay mula sa pulmunya o pagkasira ng utak. Ang mga nagbibinata at nagdadalaga at mga nasa hustong gulang (adult) na may tuspirina ay magdurusa ng parang sipong sintomas at maaaring magkaroon ng malalang ubo ng hanggang tatlong buwan. |
| **Paano kumakalat ang sakit?** | Kumakalat ang **HPV sa pamamagitan ng** genital-na-balat sa genital-na-balat na kontak sa panahon ng seksuwal na aktibidad sa taong may virus. Ang HPV virus ay microscopic kaya makakaraan sa napakaliliit na puwang sa balat. Hindi ito maikakalat sa pamamagitan ng dugo. Naghahandog ang mga condom ng limitadong proteksiyon laban sa HPV, dahil hindi nito nasasaklawan ang lahat ng genital na balat. | Kayang mabuhay ng **diphtheria** na bakterya sa bibig, ilong, lalamunan o balat sa mga nahawahang indibiduwal. Maaaring magkaroon ng diphtheria ang mga tao sa pamamagitan ng pagsinghot ng bakterya kapag umubo o bumahing ang may impeksiyong tao. Maaari ring magkaroon ang mga tao ng diphtheria mula sa malapitang kontak sa mga lumabas mula sa bibig, ilong, lalamunan o balat ng may impeksiyong tao.<br><br>Ang **tetano** ay dulot ng bakterya na nasa lupa at tae. Makakapasok ang bakterya sa katawan sa pamamagitan ng sugat na kasing liit ng tusok ng aspili. Hindi ito maipapasa nang tao-sa-tao.<br><br>Ang **pertussis**, o tusperina ay napakadaling maikakalat kapag ang naimpeksiyong tao ay umubo o bumahing ng bakterya sa hangin na maaaring masinghot ng ibang malapit na tao. Kung hindi magagamot, ang taong may tuspirina ay maaaring makahawa ng mga ibang tao nang hanggang tatlong linggo makalipas ang pagkakaroon ng sintomas. |

| | Human Papillomavirus (HPV) | Diphtheria-tetanus-pertussis (dTpa) |
|---|---|---|
| **Ang bakuna ba ay ligtas at mabisa?** | Oo, mahigit 350 milyong dosis ng bakunang HPV ang naibinigay sa buong mundo mula noong 2007, nirerekomenda ito ng World Health Organization, at ligtas at mabuting nakakayanan. Pinakamahusay gumagana ang **HPV** na imyunisasyon kapag ibinigay sa mas batang edad dahil ang immune na tugon ay pinakamalakas at pinakamabisa kapag ito ay natanggap bago magsimula ang seksuwal na aktibidad. Ang bakunang HPV ay 85–100% mabisa sa pagpigil sa mga pangunahing klase ng impeksiyong HPV na nagdudulot ng mga kanser at genital warts. Lahat ng kababaihan at mga taong may cervix na nakatanggap ng bakunang HPV ay mangangailangan pa rin ng regular na pagsasala para sa cervical na kanser dahil hindi nasasaklawan ng bakuna ang bawat klase ng HPV.<br><br>Ang pinakabagong internasyonal at klinikal na katibayan ay nagpapakita na ang isang dosis ng bakunang HPV ay nagbibigay ng ekselenteng proteksiyon. | Ang bakunang dTpa ay napakabisa sa pagpigil ng diphtheria at tetano at mga 80% mabisa na pigilan ang tuspirina.<br><br>Ang booster na bakunang ito ay may mas mababang konsentrasyon ng mga sangkap ng diphtheria at tuspirina kumpara sa bakunang ibinigay sa maagang pagkabata. Ang booster na bakuna ay ligtas at mabuting nakakayanan. |
| **Ano ang mga posibleng side effect at ano ang magagawa natin kapag naganap ang mga ito?** | **Mga karaniwang side effect**<br><br>Kirot/pamumula/pangangati/maliit na bukol sa braso kung saan ibinigay ang iniksiyon.<br><br>Para sa ginhawa, tapalan ng malamig, mamasa-masang bimpo sa apektadong lugar.<br><br>**Mga mas hindi karaniwang side effect**<br><br>Sinat, masamang pakiramdam, pagduruwal, sakit ng ulo.<br><br>Para sa ginhawa, ang mga apektadong tao ay maaaring uminom ng paracetamol ayon sa tagubilin at uminom ng mga ekstrang fluid. Kung patuloy ang lagnat, magpatingin sa iyong GP.<br><br>**Napakabihirang side effect**<br><br>Posible ang mga malalang reaksiyon, pero bihira. Kasama sa mga halimbawa ang pamamaga ng mukha o hirap sa paghinga. Tulad ng anumang gamot, may malayong pagkakataon na ang bakuna ay nagdudulot ng malalang pinsala o pagkamatay.<br><br>Kung malala o patuloy ang mga reaksiyon, humingi ng agarang medikal na atensiyon, at kontakin ang lokal ninyong ospital. | **Mga karaniwang side effect**<br><br>Sinat (mas mababa sa 38°C)<br><br>Para sa ginhawa, uminom ng paracetamol ayon sa tagubilin at uminom ng mga ekstrang fluid.<br><br>Kung patuloy ang lagnat, magpatingin sa iyong GP.<br><br>Kirot/pamumula/pangangati/maliit na bukol sa braso kung saan ibinigay ang iniksiyon.<br><br>Para sa ginhawa, tapalan ng malamig, mamasa-masang bimpo sa apektadong lugar.<br><br>**Napakabihirang mga side effect**<br><br>Brachial neuritis (pamamaga ng nerbiyos sa braso, nagdudulot ng kahinaan o kawalan ng pakiramdam).<br><br>Posible ang mga malalang reaksiyon, pero bihira. Kasama sa mga halimbawa ang pamamaga ng mukha o hirap sa paghinga. Tulad ng anumang gamot, may malayong pagkakataon na ang bakuna ay nagdudulot ng malalang pinsala o pagkamatay.<br><br>Kung malala o patuloy ang mga reaksiyon, humingi ng agarang medikal na atensiyon, at kontakin ang lokal ninyong ospital. |

Ginawa ng Communicable Disease Control Directorate
© Department of Health 2023

Ang copyright sa materyales na ito ay nakalaan sa State of Western Australia maliban kung iba ang nakatukoy. Maliban sa anumang patas na pangangasiwa para sa mga layunin ng pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrepaso, ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ang maaaring i-reproduce o muling gamitin para sa anumang mga layunin nang walang nakasulat na pahintulot ng State ng Western Australia.

IMM-013216 PEB'23